Prop. Bayani S. Abadilla
Note: Book Title “Braso” from page 71-92
Publication date: 1999

Manggagawa sa Globalismo

Tumatahal sa hindi maiiwasang pagbabago ang ekonomiya ng daigdig. Batas ito ng kasaysayan. Ang pagbabago ay kusang iigpaw sa bumubwelong diyalektikal na organikong realidad ng pulitika ekonomiya at geopulitika. Batas ito ng ekonomya. Sa organikong batas, intrinsikong antagonistiko ang mga salik na lumilikha sa kanuhayang pandaigdig.

Sabihin pa, batbat ng mga krisis ang dominanteng sistema kapitalismo sa kasalukuyan. Ang mga krisis ay likas na epekto ng kontradiksyon ng paggawa at puhunan, gilgilan sa pakinabang ng mga bansa at/o super kapitalista ng mga bansang industriyalisado at sumusulong na kilusang mapagpalaya sa mga bansa ng Ikatlong Daigdig.

Ang ugat ng krisis ay itinatampok ng kontradiksyon ng global na lakas paggawa at mga super kapitalista. Globalismo ang puno, (kasukdulang anyo ng sistema kapitalismo). Isang makinarya ng sistemang kapitalismo ang globalismo na mapanalasa ang operasyon. Sapagkat likas na lumilitaw na mga sanga ng puno yaong iba’t ibang partikular na mga krisis: sa sistemang pagbabangko, komersiyo o kalakalan, tantos ng tubo ng presyo, kontrol sa pamilihan at ispekulasyon/manipulasyon sa bilihan ng mga sapi.

Unibersal ang krisis. Kaipala, ang mga krisis sa ekonomya ng mga bansa sa Unang Daigdig ay bumabalandra sa mga bansa ng Ikatlong Daigdig. Maligalig na pagdarahop ng sangkatauhan, mabuhay na kalagayan ng kapayapaan sa daigdig, malagim na realidad ng organisadong kriminalidad sa lokal at/o global na dimensiyon at dahas ng kalikasan bunga ng nawawasak na ekolohiya: ang sintomas ng krisis. Ito ang mga penomenang sosyal na idinudulot ng malubhang krisis ng labis na produksiyong iniluwal ng malawakan at mabilisang reproduksiyon ng mga produkto o paninda na

sistematikong napapansin/ tumitining sa iilng super kapitalista ang limpak-limpak na tubo. Tubo na ginagamit na puhunan. Puhunan na sumisira sa pantao at likas na yaman ng mundo.

Pumapasok sa siglo 2000 o bagong milenyo ang krisisng sistema kapitalismo. Titindi nang titindi ang krisis ng labis na produksiyon. Sapagkat nasusukol ang principal na mga actor (super kapitalista) ng mga maseselang kaganapang pang-kabuhayan, na bumubuliglig sa kanilang interes at/o kapagyarihan. Lumalala ang tagibang na katangian (di-pagbalanse) ng produksiyon at pagkunsumo sa batas ng suplay at kahingian. Napangingibabawan lamang ng mga super kapitalista yaong maseselang pangyayari sa ekonomiya sa pamamagitan ng **pagpasa sa mga problema** sa proseso ng produksiyon ng mga bansa sa Ikatlong Daigdig. Pinagdurusuhan ito ng taumbayan.

Naipapasa ang mga suliraning pagkabuhayan --- krisis ng labis na produksyon sa Unang Daigdig, ipinupukol sa ekonomya ng Ikatlong Daigdig – sa bisa ng legal na ugnayan ng mga bansa sa buong mundo. Ang makaisang panig na dimensiyong geopulitikal, sa matalisik na obsebasyon, ay kapansinpansin na umiiral na dominasyon at subordinasyon sa relasyong pangkabuhayan at pampulitika ng mga bansa sa buong daigdig. Nalikha at nanatili ang dalawang antas --- pangingibabaw at pagkaduhagi – ng mga bansa sanhi ng dalawa ring kaganapang esensiyal na gumagalaw sa batas ng kasaysayan: kaunlaran at kolonyalismo.

Sa intrinsikong realidad ng geopulitika, komplimentaryo at suplimentaryo ang galaw ng ekonomya at gobyerno ng mga bansa. Sa bisa ng katiwalian, sa mga transaksiyong pangkabuhayan, napakikinabangan ng mga super kapitalista ang kairalan.

Isang piramide o anyong tatsulok ang disenyo ng eko-pulitikal na kaganapan sa relasyon ng mga bansa sa daigdig. Nasa ituktok ng piramide ang Unang Daigdig. (Ang Unang Daigdig ang binubuo ng mga bansang industriyalisado at naghahariharian sa mundo sa bisa ng pag-iingat nila ng mga armas nukliyar at mga sopistikadong kasangkapang pandigma). Sa pundasyon at pinakamakapal na bahagi ng piramide naroon ang mga bansa ng Ikatlong Daigdig. (Ang Ikatlong Daigdig ay kinabibilangan ng mga bansang naiwan ng kaunlaran sanhi ng di-parehas na relasyon ng Unang Daigdig at Ikatlong Daigdig).

Habang gumigiling ang kabuhayang pandaigdig, sa matagal na panahon, pilit na itinatago ng mga ekonomista at/o teoretista ng Unang Daigdig --- lalo na ng Amerika --- ang krisis ng sistemang kapitalismo. Pawang kaliwanagang konserbatibo, mga diskursong pormalistiko yaong **teoryang ipa** na sumusuhay sa kairalan. Habang patuloy na naisusubi ng mga

superkapitalista iyong yamang nalilikha ng lakas paggawa na hindi pinakikinabangan ng mismong mga lumilikha o manggagawa at magsasaka, na balintunang dumaranas ng matinding kahirapan.

Sa obhetibong-korelatibong operasyon ng iilang mega korporasyon, sistematikong napipisan at tumitining ang mga biyayang likha ng lakas paggawa sa iilang pinakamayayamang tao sa buong mundo. Ang operasyon ng iilang mega kroporasyon ay may proteksiyon ng nakalatag na 'legal' na makinarya: International **Monetary Fund** (IMF), **World Bank** (WB), **World Trade Organization** (WTO) at **General Agreement on Tariffs and Trade** (GATT). Sinusuhayan pa ito ng mga rehiyonal at lokal na mga institusyong pangkabuhayan: **European Economic Community** (EEC), **North America Free Trade Association** (NAFTA) at **Asia-Pacific Economic Cooperation** (APEC).

Ang 'legal' na makinarya ng mga mega korporasyon ay kinakanlungan ng lambat-kamalayan o hegemonyang bagong liberalismo, na ideolohiyang panuto ng globalismo. Ang mga mega korporasyon ay konsentrado sa pitong bansa: Amerika, Inglatare, Alemanya, Italya, Pransiya, Kanada, at Hapon. Sila ang tinaguriang Grupong 7. Pitong bansa na industriyalisado. Sa pitong bansang ito nakapaloob ang malaking bahagi ng 200 superkapitalistang pinakamayayaman sa buong mundo na may kontrol na 40% ng ekonomya ng daigdig.

Nagkahugis ang Grupong 7 mula sa geopulitikal na mga realidad ng ekonomiya pulitika:

1. Tumining ang kapital at produksiyon na humahantong sa mataas na antas na lumikha ng mga monopolyong mapagpasya ang papel sa buhay ng ekonomya;

2. Nagsanib ang pahunan ng bangko at pahunang industriyal na lumikha ng puhunang pinansiyal at oligarkiya sa pananalapi.

3. Ang pagluluwas ng puhunan, liban sa pagluluwas ng mga produkto o kalakal, ay nagkakaroon ng natatanging kahalagahan;

4. Ang pagtatatag ng pandaigdigang asosasyon ng mga monopoly kapitalista na pinaghatihatian sa kanilang mga sarili ang biyaya ng mundo; at,

5. Napagkanyakanya ng pinakamalaking kapitalista ang teritoryo sa daigdig. Hinahating parang kalamay yaong napagkukunan ng mga hilaw na materyales at siguradong pamilihan ng mga kalakal ang pagkakalatag na mga bansa sa ibabaw ng mundo.

ANG LATAG AT GALAW AT KONTROL NG GLOBALISMO SA EKONOMIYA NG PILIPINAS

Sa mga tala ng kasaysayan, napakalinaw na ipinapakita ang pananakop ng Amerika sa Pilipinas. Napakalinaw ding nailahad sa mga aklat nina Nemesio E. Prudente, “Sa Mga Kuko ng Limbas,” Pedro V. Salgado, O.P., “The Philippine Economy History and Analysis,” at “TNCs In The Thick of Everything,” ng Ibon Databank and Research Center at sa marami pang aklat na naglalantad sa pagsasamantala ng Amerika sa kabuhayang bansa ng Pilipinas ay hitik ang mga datos ng katotohanan sa realidad ng relasyong Amerika at Pilipinas.

Maging sa mga Seksiyon ng Negosyo ng mga pahayagang Ingles sa bansa, halos araw-araw na naiuulat ang mahigpit na kontrol ng mga korporasyong multinasyonal at transnasyonal sa pagmamanupaktura, pagmimina agrikultura at pakikipagkalakalan ng bansa sa ibang bansa.

Dahil sa dayuhang monopoly at control sa ekonomya ng bansa, nabansot sa katangiang malakolonyal at malapyudal ang kabuhayang bansa. Nanatiling pinagkukunan ng mga hilaw na materyales, siguradong pamilihan at batis ng napakamurang lakas paggawa ang Pilipinas ng mga dayuhang negosyante.

Mula pa noong mga unang taon ng siglo 1900, dumanas na ang mga Pilipino ng walang habas na pagsasamantala, matinding pag-aapi at walang patumanggang pandarahas ng Amerika. Pinakatatampok sa krimen ng Amerika sa Pilipinas ang masaker sa Balangiga, Samar noong 1901. Sa pamumuno ni Heneral Jacob Smith, 50 libong Waray, matanda, bata, babae, lalaki ang walang awang pinaslang ng mga sundalong Amerikano. At bago lumisan ang tropang mananakop sinunog nila ang buong baryo. Ginawa iyon sa ngalan ng “Mapagpalang pananakop” ni William Mckinley, presidente noon ng Amerika.

Sa dugo at bungo ng mga Pilipinong nagmamahal at nagtatanggol sa kalayaan naitirik ng Estados Unidos ang ‘statue of liberty’ sa Pilipinas. Naipundar ng Amerika ang kaniyang kabuhayang Interes sa mayamang lupaing Pilipinas. Simula noon, sa paglalarawan ng makatang Amado V. Hernandez: “parang balang kung lumaklak at animo linta kung sumipsip ng dugo” ang mga kapitalistang Amerikano sa pantao at likas yaman ng bansa.

Nang lumaon, katulong na ng mga nesgosyanteng Amerikano iyong ibang nasyonalidad sa pagsalabusab sa masaganang ekonomya ng bansa. Limpak-limpak na salaping pakinabang ang hinuhuthot ng mga dayuhan sa talion, lakas at yaman ng mga Pilipino. Malaya nilang nadadala sa kanikanilang mga bansa iyong tubo sa pagnenegosyo sa banasa. Gayong

karaniwang **puhunang papel** (portfolio investments) lamang ang kapital ng mag dayuhan sa pagpupundar ng negosyo sa Pilipinas.

Habang nagpasalin-salin sa iba't ibang dispensasyong pulitika ang poder ng estado, humilab nang humilab ang kabuhayang interes ng mga dayuhan sa bansa. Nagkawindang-windang naman ang ekonomya ng Pilipinas.

Naging Paraiso ng mga dayuhan ang Pilipinas: impyerno sa mga Pilipino. Bawat kayamanang hinahakot ng mga dayuhang nesgosyante sa bansa: kahirapan ang napapala ng masang sambayanan.

Sa kasalukuyan, pasang krus ng 74 milyong Pilipino ang monopolyo ng mga dayuhang negosyante sa ekonomya ng bansa. Bumabaon sa kumunoy na kahirapan ang sambayanan buhat ng krus na ipinataw ng dayuhang interes at kapangyarihan sa mga mamamayang nakagapos ang soberenya.

Ang ekonomya ng bansa, lumalaong bumubuti na sumasama pa sa dati. Palaging dumaranas ng kakulangan o depisito sa kalakalang panlabas ang ekonomya. Sinisikil ng dolyar ang piso. Parang metro ng taksi ang paglabas ng presyo ng langis. Sumusunod agad naman ang pagtaas ng presyo ng mga paninda at halaga ng mga serbisyo. Taun-taon, naliligalig ang gobyerno ng kakulangan ng pondo. Umabot na sa $47.8 bilyon ang utang panlabas ng Pilipinas. Habang pintog nang pintog ang utang palabas, palaki nang palaki naman ang kakulangan sa bahagi ng badyet ng pagbabayad sa interest lamang ng utang. Noong nakaraang taon, 1998, inamin ng pangulo ng bansa na aabot ng P100 bilyon ang deposito sa badyet ng pambansang gobyerno.

Retorika o propaganda ang panlunas ng gobyerno sa lumalalang suliranin sa ekonomiya. Kamakailan ipinamarali ng pangunahing lider ng bansa na patungkol din sa Asya. Bunga raw ito ng " M edium Term Philippine Development Plan" (MTPDP). Nilapatan pa ito ng islogang "Philippines 2000." Bilang iskemang makadayuhan, binigyan ng prayoridad ang paglikha ng mga produktong panluwas. Tinatapan ito ng mga pagganyak sa mga dayuhang imbestor. Pinalawak ang mga sinang industriyal ng mga produktong panluwas (EPZA). Ginawang pook industriyal ang mga dating palayan. Sa bisa ito ng **land conversion plan.** CALABARZON; Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon, ang mga lalawigang idineklarang **industrial corridors.** Sa mga sonang industriyal, libre sa buwis ang mga pabrikang multinasyonal at transnasyonal; ligtas sa unyon at walang welga. Samantala, sa agrikultura, binungi-bungi ang **Comprehensive Agrarain Reform Law** (CARL). Hindi naman mga dentista, magkakatulong ang mga kongresista, husgado, Kagawaran ng Reporma sa Pagsasaka sa pag-alis ng mga ngipin ng CARL. Sa halip na ipamahagi ang mga

titulo ng lupang sinasaka sa mga magsasaka, ipinapairal ang **stock distribution option,** isang pakana ng pagkakait sa lupang pangarap ng mga magbubukid. Ipinapalaganap sa malalawak na lupain o asyenda ang sistemang agrikorporasyon, ginagawang bahagi ng korporasyon ang mga nagbubungkal na bukirin. Sa katunayan, simple **common stock** lang naman ang naipanloloko pa sa mga manggagawang bukid. Ang malaking bahagi ng sapi o **prepared stock** ay nasa kamay din ng mga asendero.

Isang agrikultural na bansa ang Pilipinas. Subalit, sanhi ng manipulasyon ng monopoly kapitalista sa tubo dumaranas ang bansa ng krisis sa pagkain, lalo na sa bigas. Mula pa noong 1953, umiral na angkrisis. Sa larawan ng krisis, noong 1970-1980, nakapagtala ng 5.8% sa tantos ng produksiyon ng pagkain. Mas mababa ito sa sinundang sampung taon. Noon namang1980-1989, bumagsak sa 2.1% at bumulusok sa 1.1% nang taong 1990 hanggang 1995.

Hindi kakulangan sa produksiyon ang krisis sa pagkain: manipulasyon sa presyo ng mga paninda. Nangyayari ito sapagkat kontrolado ng mga kompanyang maultinasyonal ang produksiyon ng pagbebenta ng mga pangangailangan sa buhay ng mga Pilipinong mamimili.

Katunayan sa 66 na sektor ng ekonomya, 76% ang tinatawag na konsentradong mga industriya na may puhunan ang mga dayuhang kapitalista. Isang sapot ang mga nesgosyo sa bansa (interlocking directorates) na may dayuhang monopolyo. Sa 39 na pangunahing kompanyang nakasangkot sa produksiyon ng mga pagkain, 65% ang nakakawing sa mga kompanyang multinasyonal. Ang realidad na ito ay inilahad sa pananaliksik ng isang grupo na pinamumunuan ni John Doherty, isang paring Heswita. Naisa-aklat ang pagsusuri sa mga negosyo sa bansa: “A Preliminary Study of Interlocking Directorates Among Financial, Commercial, Manufacturing and Service Enterprises in the Philippines.” Kaugnay nito, inilahad na 12 bangko ang may 684 na mga direktor na nakapaloob sa 305 empresang pinansiyal nagmamanupaktura at komersiyal.

Matindi ang balandra ng monopolyo kapitalismo, pinalamutian ng globalisasyon o globalismo, sa ekonomiya ng Pilipinas. May lukemya ang ekonomiya. Pahina nang pahina ang kapasidad ng kabuhayang bansa sapagkat nahuhuthot ang labis na halaga (surplus value) at nailalabas sa bansa ng mga dayuhang kapitalista. Masama ang epekto nito sa ekonomya, sa gobyerno at sa lipunang Pilipino sa pagkalahatan. Walang soberanya sa kabuhayan ang bayan. Inutil ang gobyerno sa paninikil ng dayuhang interes. Marawal ang pamumuhay ng lipunan.

Patuloy na gumigiling ang mga galamay – teknokrat, komprador at burukrata – ng monopolyo kapitalismo o globalismo sa lahat ng larangan o sektor ng pambansang ekonomya. Sa Luson, Bisaya at Mindanaw, matatag na nakalatag ang interes ng mga dayuhang kapitalista. Nasa bangketa, sugalan, putahan… ang kinabukasan ng mga Pilipino.

KAGANAPAN NG GLOBALISMO SA RELASYONG INDUSTRIYAL

Mapanalasa ang realidad ang globalismo sa sektor paggawa. Aping-api ang mga manggagawa. Di tao ang trato sa kanila ng mga kapitalista, Sapagkat sa nesgosyo, tubo ang una't huli sa pagsusuma ng pakinabang at hindi iyong patas na pag-aayun-ayon sa biyaya ng produksiyon. Samantalang sosyal o kolektibo ang katangian ng paggawa ng mga produkto, pansarili ang pagtatakda sa pakinabang. Lahat ng labis na halaga --- sa anyo ng tubo sa pahunan --- ay isinusubi ng mga kapitalista.

Sa magkasalungat na tunguhin ng paggawa at puhunan dalawang pangitain ang naitatampok: una, palawak nang palawak at pahilab nang pahilab na mga negosyong dayuhan, at ikalawa, malalagim at madudugong pangyayari sa buhay ng mga manggagawa. Sadyang tigmak ng dugo ang larangan ng relasyong industriyal.

Dugo, bungo at mga kalansay ng mga manggagawa ang pundasyon ng mga dayuhang empresa sa bansa. Habang isang litanya ng kahirapan ang nakasaklot sa pahinga ng mga aliping sahod. Kayamanan ang kanilang nalilikha. Tiwalag sila sa kayaman. Sila ang dugo ng kaunlaran. Nakalugmok sila sa paghihikahos. Alyenasyon at dehumanisasyon ang buong buhay ng mga manggagawa. Sa galaw ng ekonomyang pamilihan, na mapagpasya ang tubo, napipiga nang husto ang talion, pawis at dugo ng mga manggagawang Pilipino.

Noong dekada 80, buong kasakimang hinihigpitan nang husto ang gato ng pagsasamantala ng mga super kapitalista. Sa larangan relasyong industriyal ng mga bansa sa Ikatlong Daigdig.,lunas (daw) sa lumalalang kawalang trabaho at malawakang kahirapan ang "Structural Adjustment Program" (SAP) na inilunsad ng Wolrd Bank. Sa pag-iral ng SAP, ang mga bansa sa Ikatlong Daigdig ay itinakda ng mga super kapitalista na pandaigdigang sinang industriyal na paingangasiwaan ng prinsipyong bagong liberalismo, ang disenyong pangkabuhayan ng World Bank ay lalong nagpatindi sa pagsasamantala sa mga manggagawang Asyano.

Ang konkretong manipestasyon ng SAP sa Pilipinas ay mga sona ng mga poduktong panluwas o Export Processing Zone. Sa loob ng mga sona,

bawal ang unyon at welga. Samatala, libre sa mga buwis ang mga pabrikang multinasyonal at transnasyonal. Samantala, sa kalakalan, pagluluwas at pag-aangkat ng mga paninda, liberal ang pagpapataw ng taripa sa adwana.

Sa bisa ng SAP, umiral sa relasyong industriyal ng bansa ang iskemang kaswalisasyon, kontraktuwalisasyon at pleksibleng pagpapatrabaho. Madaling naipatupad ito sa pamamagitan ng mga batas sa paggawa. Batas Herrera o Batas ng Republika 6715 (1989) ang tahasang sumusupil sa mga Karapatan ng mga manggagawa. Buhay alamang ang mga manggagawa: paglukso patay!

Walang sapat na sweldo, walang tiyak na tirahan, walaang seguridad sa trabaho: walang wala ang uring manggagawa. Busabos sila: hinubaran ng dangal ng uring kapitalista. Alipin sila: Inalisan ng katwiran ng gobyerno.

Sa kabila ng mapanikil na mga batas at dahas ng estado patuloy din ang mga manggagawa sa pagtataguyod ng kanilang mga Karapatan. Kapit-bisig sila – damdamin sa damdamin – laban sa pagsasamantala at pang-aapi ng mga kapitalista. Bigkis-diwa sila – talion sa talion – upang isulong ang kanilang mga karapatan at kalayaan. Unyon ang moog ng kanilang paninindigan at mithiing pagkatao, Makabayan aat mapagpalaya. Welga ang kanilang sandata.

Karaniwang sumisiklab ang welga dahil sa di-pagkakasundo sa kontrata kolektibo (CBA Deadlock). Sa panahon ng negosasyon ng kontrata kolektibo, sinasadya ng kapitalista na baratin ang mga manggagawa para sa di-pagkakasunod na nagtutulak sa unyon na magwelga. Dati, takot o umiiwas ang mga kapitalista sa welga. Ngunit baliktad na ngayon, itinutulak pa ng mga kapitalista na magwelga ang unyon para maisara ang pabrika. Sa muling pagbubukas ng pabrika, iba na ang pangalan ng kompanya. Ang bagong trabahador ay kontraktuwal na lamang.

Sa kasalukuyang realidad ng relasyong industriyal, nagtambak na mga kaso ang **lock-out** o pagsasara ng pabrika at illegal na welga (sa punto ng kapitalista). Ang napapagpasyahang mga kaso ng National Labor Relations Commission (NLRC) ay karaniwang nagpapatalksik sa trabaho sa mga lider ng unyon at nagkakait ng hanapbuhay sa mga regular na manggagawa.

Malinaw na paghina ng unyonismo ang epekto ng iskemang kontraktuwalisasyon na kairalan ngayon sa larangan ng relasyong industriyal. Hindi makakapag-unyon ang mga kontraktuwal na lakas paggawa. Sapagkat may taning na panahon ang kanilang pagtatrabaho sa loob ng pabrika. Sa senso noong 1997, 60.4% ng mga bagong empleado ang kontraktuwal, tumataas pa ito dahil sa patuloy na krisis sa sektor paggawa. Palaki nang palaki ang bilang ng mga manggagawang hindi unyonisado.

Habang patuloy na nadidiskaril sa paghahanapbuhay ang regular na mga manggagawa sa mga pabrika dahil sa kontraktuwalisasyon, sagadsaran naman ang pleksibleng pagtatrabaho na pumipiga ng malalaking tubo mula sa pawis at dugo ng mga manggagawa sa pinakamabilis na paraan at pinakamenos na halaga o mababang pasahod at walang mga benepisyo para sa lakas paggawa.

Kapasidad sa kompetensiyang global, pagsasapribado ng mga ahensiyang gobyerno, liberal na kalakalang panlabas, deregulasyon ng mga empresang dayuhan: ang magkakatulong na nagpapahirap sa sektor ng mga manggagawa. Sa kapasidad sa kompetensiyang global, binabawasan ng makabagong teknolohiya ang puwersa ng paggawa. Kapansin-pansin ito sa industriya ng publikasyon ng mga libro, dyaryo at ibang nililimbag na mga bagay. Kompiyuter ang umagaw sa trabaho. Nangyayari rin ito sa mga opisina ng mga kompanyang multinasyonal. Sa makatuwid ang teknolohiya na nilikha lamang ng lakas paggawa ay naging mapagsamantala pa sa mga manggagawa, sa punto ng pag-eempleo. Sa pagsasapribado ng mga ahensiyang gobyerno, natatanggal sa trabaho ang mga empleado, Napipinsala ang kapasidad ng piso sa mabuway na kalagayan ng kalakalang panlabas na dapat pagkakitaan ng gobyerno. May epekto ang kalagayan ng dolyar at piso sa utang panlabas ng bansa, na pinapasan din ng mga manggagawa sa anyo ng buwis at tumataas na presyo ng mga bilihin at mga serbisyo. Ang deregulasyon sa mga empresang dayuhan (Shell, Caltex, Petron…_)ay di makatuwiran o artipisyal na nagtataas sa presyo ng langis na umaapekto sa presyo ng mga bilihin. Mabigat ang epekto nito sa pamumuhay ng mga manggagawa, kung titingnan ang relasyon ng presyo ng mga bilihin sa mababang sahod na minimum.

Sa mga talaga ng Kagawaran ng Paggawa at Pag-eempleo, masama ang kalagayan ng pag-eempleo. Noong 1998, mula Enero hanggang Oktubre, 129, 965 manggagawa ang naalis sa trabaho, 61.6% nito (77.407) ang mula sa pagmamanupaktura, Ang malawakang tanggalan sa trabaho ay dulot ng mga sumusunod:

1. Maraming maliliit na kompanya ang nagsasara. Sanhi iyon ng kawalan ng kakayahang makipagkompetensiya sa mga kompanyang multinasyonal at transnasyonal. Maraming salik na taglay ang kompetensiya,
2. Pagdagsa ng mga produktong imported,
3. Makunat na pagpapautang ng mga bangko,
4. Kawalan ng proteksiyon o pagtangkilik ng gobyerno sa mga Pilipinong mamumuhunan at
5. Pag-lipat sa ibang bansa ng operasyon ng mga kompanyang multinasyonal.

Umabot sa 170,000 ang bilang ng mga manggagawang nawalan ng trabaho noong 1998. Ayon sa Kagawaran ng Paggawa at pag-eempleeo, di-bababa sa 82,839 manggagawa ang tinatamaan ng bawasan (retrenchment) mula Enero hanggang Hulyo lamang ng taong 1998. Katumbas ito ng 423 manggagawa na inaalisan ng pagkakakitaan araw-araw. Bunga ng patuloy na sibakan sa trabaho umabot na sa 18 milyong Pilipino ang walang trabaho.

Habang pinagbubuti ng mga super kapitalista ang kanilang mga pakinabang sa pamilihan ng paggawa sa Ikatlong Daigdig, matinding ligalig naman ang idinudulot niyon sa buhay ng mga manggagawa. Sa pleksibleng pagtatrabaho, kapakipakinabang na pagkuha ng mga magtatrabaho o pagbili ng mas mainam na lugar sa operasyon ng pagmamanupaktura, mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa ang matinding naapektuhan. Tinatayang 46, 000 hanggang 105, 000 Pilipinong kumikita sa iba't ibang klase ng trabaho sa ibang bansa ang mawawalan ng hanapbuhay dahil sa krisis sa Silangan Asya, ayon sa International LaborOrganization (ILO). Bukod dito, bagaman mahusay ang kalidad ng lakas paggawa ng Pilipinas, lumiit naman ang pasuweldo sa ibang bansa dahil sa kompetensiya sa pamilihan ng paggawa.

Sa sektor publiko ng paggawa hindi rin maganda ang mga palatandaan ng trabaho. Ang pagsasapribado ang mga palatandaan ng trabaho. Ang pagsasapribado ng mga ahensiyang gobyerno ay lumikha ng panganib sa kasiguruhan sa pagtatrabaho ng mga empleado. Nakapagtala na ng 120, 000 empleado ang nawalan ng trabaho dahil sa planong bawasan ng 5% ang puwersa ng paggawa sa burukrasya bawat anim na buwan. Ang libu-libong kaswal sa gobyerno na natanggal sa trabaho ay tala lamang sa unang taon ng rehimeng Estrada.

Imposisyon ng International Monetary Fund ang pagbabawas ng mga kawani ng gobyerno. Isa ito sa mga kondisyon ng pagpapautang. Diumano, sa pagbabawas ng mga empleado, huhusay ang kapasidad ng pagbabayad ng utang ng gobyerno ng bansa. Kasinungalingan. Sa totoo lang, at alam ng mga teknokrat ng IMF, na higit na malaki ang mawawalang salapi sa kaban ng gobyerno dahil sa katiwalian at mga anomalya kaysa ipinasasahod sa mga kawani. Ang tunay na dahilan ay panghihimasok – may pulitika sa utang. Sa katunayan, hindi gugustuhin ng IMF na mahango sa pagkakautang ang kaniyang mga kliyenteng bansa. Sa pautang nabubuhay ang IMF, kapag walang uutang, walang negosyo ang mga oligarkiya sa pananalapi.

Unyon, kontrata kolektibo, welga: ang puntirya ng opensiba sa negosyo ng mga super kapitalista. Mabisa nilang natatamo ang kanilang pakay sa paggamit sa gobyerno. Isang sandatang teoretikal ang teorya ng

komparatibong bentahe na mabisang isinusulong ng mga galamay ng mga super kapitalista sa larangang relasyong industriyal ng mga bansa sa Ikatlong Daigdig. Malaki ang ganasiya ng uring kapitalista sa teoryang paggawa.

Sa kutsabahang kapitalista-gobyerno, sa gitna ng matinding pagsasamantala at pang-aapi, sadyang nasusupil ang pagwewelga ng mga manggagawa. Sa unang tatlong buwan ng taong 1999, 194 lamang ang abiso ng welga na naidulog sa Kagawaran ng Paggawa at Pag-eempleo. Samantalang sa una ring kuwarto ng nakaraang taon, 1998, 235 ang naitalang abiso ng welga. Sa 194 na abiso ng welga, sa taong 1999, 11 lamang ang naisagawa; sa 235 na abiso ng sinundang taon, 31 welga lamang ang naganap.

Sa kabila ng paghihigpit ng kutsabahang kapitalista-gobyerno sap ag-uunyon, buong giting naman sa gawaing unyon ang mga manggagawa. Kaugnay nito, sarisaring karahasan ang dinaranas ng mga unyonista. Pagbilanggo, pagpatay at pagpapahaba sa panahon ng kontrata kolektiba ang karaniwang panunupil sa unyonismo. Sa ulat ng Center for Trade and Human Rights (CTUHR), sa unang hati ng taong 1999 lamang, mayroon ng 63 kaso ng paglabag sa karapatang pantao ng mga manggagawa. Sa 63 kaso, 41 ang pananakit, 12 ang pananakot at 10 ang pag-aresto at pagbilanggo. Madalas kaysa hindi, sangkot ang pulisya o military sa mga krimen.

Sa nagtutuwangang operasyon ng IMF at WB, sistematikong kinakatas sa Pilipinong lakas paggawa ang labis na halaga na higit na malaki kaysa traditional na pakinabang bunga ng mga itinayo ng gobyerno na mga sona ng produktong panluwas. Dito, bawal ang unyon at welga. Ginawang pook industriyal ng lalawigan ng Kabite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon. CALABARZON ang daglat ng sona ng mga produktong panluwas. May itinayo rin sa Pangasinan. Habang sa Mactan, Baguio at Bataan, patuloy na lumilikha ng mga produktong pang-eksport ang mga kompanyang multinasyonal. Inaayos na rin ang Lungsod ng Heneral Santos sa Mindanaw at malamang na magtatayo rin dito ng sonang industriyal.

Sa hugis ng globalismo sa relasyong industriyal ng bansa mainam na nagagamit ng mga dayuhang kapitalista ang pleksibleng pagpapatrabaho dahil sa napakaraming walang trabaho. Ipinagbibili ng mga manggagawa ang kanilang talino at lakas sa mga kapitalistang dayuhan upang mabuhay at sa pagtatrabaho hindi inaalintana ng mga kapitalista at ng gobyerno ang karapatang pantao ng mga manggagawa.

Ang kabayaran sa serbisyo ng mga manggagawa (suweldo) ay kulang na kulang sa pagtataguyod ng kanilang pamilya. Sapagkat habang pahina nang

pahina ang kapasidad ng piso o pera ng bansa – bunga ng mapanikil na tumbasan ng dolyar at piso – paliit nang paliit naman ang halaga ng sahod na minimum. Ang halaga ng pamumuhay para sa isang pamilyang tatlo ang anak ay nangangailangan ng badyet na P350.00 araw-araw, samaantalang P198.00 lamang ang sahod na minimum.

Ang legal na pagpapahirap at pambubusabos sa uring manggagawaa ay nangyayari sa bisa ng mga batas:

Batas Pambansa 130 (1981)

1. Limitado ang mga isyu na mapagwewelgahan kaugnay ng di pagkakasundo (CBA Daedlock) sa kontrata kolektibo at di-Imakatarungang gawain sa paggawa (Unfair Labor Practice.)
2. Kailangan ang abiso ng welga bago ito ilunsad.
3. Kailangang sundin ang 15 hanggang 30 araw ng pagpapalamig bago magwelga.
4. Dapat daanin sa botohan aang pagwewelga at isumite sa Kagawaran ng Paggawa at Pag-eempleo ang resulta ng botohan.
5. Makapanghihimasok o makikialam ang Kagawaran ng Paggawa at Pageempleo sa sigalutan ng unyon at kapitalista, sa kapakanan ng “pambansang interes.”

Batas Pambansa 227 (1982)

1. Malayang labas-masok sa piketlayn.
2. Makapagpapalabas ang hukuman sa paggawa (NLRC) ng kautusang pumipigil sa welga.

Batas Herrera o Batas ng Republika 6715 (1989)

1. Limang taong saklaw ng kontrata kolektibo at bawal magwelga sa loob ng panahong itinakda sa kontrata kolektiba.
2. Lalong hinigpitan ang limitado nang mga isyu na pinagwewelgahan.
3. Binigyan ng kapangyarihan ang kalihim sa paggawa na makapanghimasok sa mga sigalot ng unyon at kapitalista, sa utos ng kalihim, aalisin ang piketlayn at pababalikin sa trabaho ang mga welgista.

Samantala, sa rehimeng Estrada, pinairal ang moratorium sa welga, moratorium sa kontrata kolektiba at ipinako sa P198.00 ang sahod na minimum. Ang hakbanging ito ng panguluhan ay ikinatuwa ng mga dayuhang kapitalista ngunit nagpataw ng ibayong paghihirap sa mga manggagawa.

Gayunpaman, kahit nagdudulot ng kapahamakan ang talamak na inhustisya sa relasyong industriyal, nakikibaka pa rin ang uring manggagawa para sa

kanilang karapatang pantao sa unyonismong makabayan at mapagpalaya. Sa kanilang pakikibaka, magiting nilang sinasalungat ang dahas ng estado at bangis ng uring kapitalista. Sa tala noong 1998, 4,179 manggagawa ang sinaktan ng mga tauhan ng pulisya o military sa mga piketlayn, 121 ang inaresto at ibinilanggo, 860 ang pinagbantaan at isang manggagawa ang napatay.

Sadyang malagim at madugo ang realidad ng unyonismo sa sapot ng monopolyo kapitalismo na dominado ng mga dayuhang kapitalista. Subalit lalong tumitibay sa pakikibaka ang uring manggagawa. Maging buhay man ang katumbas, militante nilang isinusuong buhay man ang katumbas, militante nilang isinusulong ang makatao, makabayan at mapaglayang unyonismo.

Tala

1. Praymer Hinggil sa Panibagong Panibagong Pagsambulat Ng Krisis sa Pilipinas (1998)
2. Journal, Institute of Political Economy, No. 15 (1998)
3. Praymer: Sahod, Trabaho, Karapatan, Ecumenical Institute for Labor Education and Research, Inc. (1998)
4. Praymer sa Kalagayan ng Ekonomya, " Now Showing: Irap Para sa Mahirap (1999)
5. IBON 1998 Midyear Briefing (1998)
6. "Ang Pambansang Sitwasyon at ang Ating mga Tungkulin," Pambansang Konseho ng Bagong Alyansang Makabayan (1998)
7. "Coming home to life," Philippine Daily Inquirer (Sunday, August 1, 1999) Commentary, Sylvia L. Mayuga
8. PAID, Official Publication of Freedom From Debt Coalition, Vol. 8, No. 1 (June 1998)
9. Praymer sa Utang ng Pilipinas, "Sobra Na"' Sobra Na'ng Sakripisyo, Tama Na'ng Utang (1998)
10. "Globalization of Poverty" Editorial, Philippine Daily Inquirer, (July 14, 1999)

Mga Sanggunian

1. Teodoro A. Agoncillo, "History of the Filipino People," Eight Edition, 1990
2. Alejandro Lichauco, "Nationalist Economics," 1988
3. Dan Nabudere, "The Political Economy of Imperialism," 1977
4. L. Leontyev, "The Political Economy," A Condensed Course, 1981
5. Dante G Guevarra, "Manggagawa: Sa Kasaysayan," 1989
6. Dante G. Guevarra, "Unyonismo sa Pilipinas," 1983

7. Ernest Feder, “Perverse Development,” 1983
8. “Labor Relations and Empowerment,” Philippine Journal of Labor and Industrial Relations, 1989
9. Edberto M. Villegas, “The Political Economy of Philippine Labor Laws,” Foundation for Nationalist Studies, 1988
10. Willi Dickhut, “Crisis and Class Struggle,” 1985